# *Biyaya ng mundo*

ni Lester Nick R. Be-oy

Binabagtas ang malawak na dalampasigan, sinusundan ang ritmo ng tunog ng alon na humahampas sa baybayin at sinusundan ang kahalumigmigan ng hangin. Tinitingala ang langit na may maraming mga ulap, nagbabago ang kanilang anyo bilang tugon sa kanyang kagandahan. May matatayog na mga puno na nakabalandra sa paanan ng bundok na nagbibigay ng kahalagahan sa paligid. Ang dagat ay umaagos nang kalmado't malumanay, isinasaayos ang sarili na maging kalmado ang aking damdamin. Sa aking paglalakad, damang-dama ko ang init ng araw na siyang nagbibigay-buhay sa aking kapaligiran. Sa bawat hakbang na aking ginagawa ay nalilimutan ko ang mga pinapasang problema at iba pang mga dapat alalahanin sa'king buhay.

Sa dalampasigan na ito, ako ay malaya. Nagagawa kong maging isa sa kalikasan at tanggapin ang kagandahang tinataglay nito. Ang bawat hininga ay napupuno ng sariwang hangin. Ang bawat pandinig ay binabaha ng himig ng kalikasan at ang bawat hakbang ay tila ba nasa ulap. Sa prosesong ito, ako'y nagmumula sa isang simpleng paglalakad patungo sa isang paglalakbay ng pagkaalam at pag-unawa sa mga biyaya ng mundo.